Ota International Exchange Center

Health Promotion and City Development na natutunan mula sa Covid-19

～Mga kaalaman tungkol sa nakakahawang sakit na dapat malalaman sa gitna ng internasyonalisasyon～

Summary

May 23, 2022 (Mon) mula 6p.m. hanggang 7:15 p.m.
Ota International Exchange Center
※Online simultaneous delivery

Professor sa Department of Microbiology and Infectious Diseases,
Faculty of medicine, Toho University
Chief ng Globalization promotion center, Department of Infection Control Science with Regional Alliances
M.D., Ph.D. Tateda Kazuhiro

## Novel Coronavirus

・Noong December, 2019, iniulat na isang hindi maipaliwanag na epidemya ng pneumonia ang naganap sa Wuhan, China at ang sanhi ay ang Novel Coronavirus.

・Sa kasalukuyan, humigit-kumulang sa 500 milyong katao ang nahawahan at humigit-kumulang na 6.2 milyon ang namatay. Sa kasalukuyan ay nasa hindi pa kalmanteng sitwasyon.

●Katangian ng coronavirus

・Nakakahawa sa mga selula(cells) ng tao sa pamamagitan ng spike glycoproteins.

・Ang maliliit na droplets(micro droplets) na naka-discharge sa panahon ng bokalisasyon o pagsasa-tinig, pagkain at pag-inom ay hahantong sa impeksyon(aerosol infection). Pag-iwas sa panganib ng 3Cs (Closed spaces, Crowded places, Close-contact settings),paggamit ng non-woven mask at bentilasyon ay mahalaga.

●Kasalukuyang sitwasyon

・Napapag-isip na ang matalim na pagtaas sa bilang ng nahawaang tao ay naiwasan dahil sa napabuting pag-unawa sa pagkontrol ng impeksyon at ang mataas na rate ng pagpa-vaccine.

●Airborne infection

・Depende sa kondisyon, ang Aerosol infection ay nakakaganap tulad ng airborne infection. Mahalagang "protektahan ang espasyo (pagpapahalaga ng bentilasyon)".

## Pag-iingat sa mga nakakahawang sakit na dala mula sa ibang bansa

・Pagtuunan ng lalong pag-iingat ang mga Virus (hal. Dengue fever), Protozoan (hal. Malaria) at Bacteria (hal. Typhoid at TB).

・Ang Dengue fever, Ebola infection at Zika virus infection ay laganap sa ibang bansa.

・Mayroon nang maliit na epidemya na nangyayari sa ibang parte ng mundo = may panganib na may magaganap na malaking epidemya sa darating na panahon.

⇒Sa pamamagitan ng pag-alam ng pathogen, pag-isip sa ruta ng impeksyon, at kalmadong pagtugon, ang impeksyon ay maaaring epektibong masugpo.

Sa Corona infection na ito, maituturing na naipakita ng maayos ang infection control society sa panahon ng Golden Week.

Tuberculosis(TB)

・Tumataas ang bilang ng mga pasyente na may tuberculosis(TB) na nanggagaling sa ibang bansa ngayon dito sa Japan.Lalo na sa nakakabatang henerasyon.

・Ang Ota City, na kung saan maraming residenteng dayuhan, ay nangangailangan di ng suporta tulad nang pagpapahusay sa sistema ng pagsusuri at pagpapabuti ng access sa medical care.

Ang nais ko sa pamamagitan ng Ota International Exchange Center

・ Ota City na may Haneda airport = Mag-iingat sa mga nakakahawang sakit
・Ota City na malakas sa paglaban sa impeksyon
・Ota City para sa pag-promote sa lalong aktibong international exchange
・Ota City na mabait sa mga taong ipinanganak sa ibang bansa
・Ota City na maraming residenteng ipinanganak sa ibang bansa

⇓

Kinakailangan ito para paghahanda sa pamamahala ng krisis sa pagpapatupad ng international exchange

＝ Alamin ang tungkol sa nakakahawang sakit at gumawa ng naaangkop na mga hakbang sa pagkontrol ng impeksyon.

・Mahalaga para sa mga naninirahan sa Ota City na gamitin ang center at sama-samang i-promote ang international exchange.

Q&A

Q：Nakitaan ba ng pagkakaiba sa kultura ng iba’t-ibang parte ng mundo sa pamamagitan ng Corona?

Kapag mayroong anumang katanungan, mangyari lamang na ipaalam.

A：Napagtanto ko na ang kaugalian na pagsuot ng mask ay kaiba sa ibang bansa. Sa ibang bansa, ginawang mandatory ang pagsuot ng mask, ngunit sa Japan isang magandang bagay na karamihan ay nagsusuot ng mask at lahat ay sama-sama sa pakipag-kooperasyon. Sa kabilang banda, nagkaroon ng labis na kilusan tulad ng self-restraint police para sa mga hindi nagsusuot ng mask. Nakita ang kalakasan at gayundin ang kahinaan ng kultura ng Japan.

Kamakailan lang, naglabas ng mga panibagong gabay tungkol sa paggamit ng mask. Mabisa at hindi gaanong pabigat ang pag-iwas sa panganib kapag ginamit

ang imahinasyon o sariling pag-iisip sa pag-unawa sa Coronavirus infection, gaya ng kung maaaring tanggalin ang mask kapag nasa labas na walang masyadong tao. Sa palagay ko, oras na upang gumawa ng sariling mga hakbang laban sa impeksyon.

Q：Ayon sa ulat ng media, marami nang mga dayuhang bansa ang nagtatanggal na ng mask. Sa palagay ko maraming mga dayuhan ang pupunta sa Japan sa hinaharap, ngunit may pag-aalala pa rin ako. Sensei, ano po ang masasabi nyo tungkol sa bagay na ito?

A：Madali lang itong harapin dahil mayroong karaniwang karanasan at kultura sa Japan. Sa hinaharap, habang tumataas ang bilang ng mga dayuhan na pinahihintulutang pumasok ng bansa, maaaring hindi nauunawaan ng ilang tao ang kaugalian ng pagharap sa New Coronavirus infection sa Japan, kaya kailangang gumawa ng paraan. Mahalaga din para sa gobyerno na magpalaganap ng impormasyon upang maunawaan ng mga tao ang kultura at kaugalian ng Hapon, tulad ng pagpalaganap ng impormasyon sa mga airport sa madaling maunawaang paraan.

Q：Dahil ang Ota City ay isang Sky gateway, may mga alalahanin na patuloy ang pagpasok ng kung anu-anong impeksyon. Paano tayo dapat tumugon sa mga impeksyon sa hinaharap?

A：Ito mismo ang layunin ng pagdaraos ng panayam na ito. Sa pamamagitan ng pag-alam ng pathogen, pag-isip sa ruta ng impeksyon, at kalmadong pagtugon, ang impeksyon ay maaaring epektibong masugpo. Sa pamamagitan ng regular na pagpapatupad ng mga naturang proyekto, sa tingin ko ay maaari tayong maging isang lungsod na nakikipagtulungan sa mga residente sa paggawa ng mga hakbang laban sa nakakahawang sakit. Kasama kami sa pakipagtulungan.

Q：Mayroon na bang natuklasang gamot (wonder drug) sa coronavirus sa mundo?

A：May natuklasang naiinom na gamot upang maiwasan ang paglala. Ang mga Japanies companies ay nag-aapply din para sa pagbuo ng mga gamot na itinuturing na mas epektibo. Kapag ito ay naaprubahan sa malapit na hinaharap at magagamit natin ito, posibleng ang Class 2 infection ay mapalitan ng Class 5 infection. Kapag mayroong Class 5 infection, maaari mong tugunan ito ng katulad sa sakit na Influenza, kaya kapag umabot ka na sa puntong iyon makikitaan mo na ng paghupa.

Q：Mayroon bang anumang pagkakaiba tungkol sa mga tuntunin ng pagkontrol sa impeksyon sa ibang bansa?
(Mask, paghuhugas ng kamay, 3Cs at Pagdi-disinfect gamit ang alcohol)

A：Sa ibang bansa, kapag tumataas ang bilang ng taong nahahawaan o namamatay sa impeksyon, gumagawa ng mahigpit na hakbang upang bumaba ang bilang ng

biglaan, at kapag nakitaan na ng epekto na huminahon ang sitwasyon, ang mga hakbang ay tila lumuluwag. At pagkatapos na luwagan ang mga hakbang, tataas na naming muli ang bilang kung kaya sa palagay ko lang, kahit na sabihin pang bumaba minsan ang impeksyon hindi dapat niluluwagan ang mga hakbang sa pagkontrol ng impeksyon. Mahalagang unti-unting magre-regulate habang binabantayang mabuti ang sitwasyon. Sa Japan, hindi maaaring tanggalin ng biglaan ang mask, ngunit napagpasyahan na magsuot ng mask sa mga lugar na mataas ang panganib na mahawaan at maaaring tanggalin sa walang masyadong panganib ng kahawaan na lugar. Ito ang strategy o diskarte ng Japan.